

Koshigaya Messenger

Ang Koshigaya Messenger ay isang multilingual monthly paper na lumalabas sa unang linggo ng buwan. Pwede itong mabasa sa website ng Koshigaya.

Koshigaya City International Affairs (KOKUSAIKA)

☎048-963-9114, City Hall Main Building – 3F

Community Activity Support Section



Website ♪



Instagram ♪



Happy New Year! Manigong Bagong Taon! Happy New Year!



Consultation Counter for Foreign Residents

ISKEDYUL 9:00am – 4:30pm, Lunes hanggang Biyernes

SAAN Koshigaya City Hall Main Building 3rd floor, sa opisina ng Community Activity Support Section

WIKA English, Chinese, Filipino, Vietnamese & Simple Japanese

*May available na online interpreter para sa ibang wika

IMPORMASYON Community Activity Support Section


(SHIMIN KATSUDO SHIEN KA), ☎048-963-9114

Kung gustong mag-alaga ng aso at pusa

Ang Koshigaya Municipal Health Center ay naghahanap ng gustong mag-ampon ng mga aso at pusa na nakatakdang isailalim sa proseso ng *eutanasia* kung walang gustong mag-ampon ng mga ito. Walang bayad ang pag-ampon, ngunit may mga nakatakdang kondisyon para sa mga gustong mag-ampon. Tingnan sa website ng Koshigaya ang detalye at ang mga larawan ng mga aso at pusa na ipapa-ampon. At kung gustong tingnan ng personal ang mga ito, makipag ugnayan sa opisina sa ibaba.



pusa 🐱



aso 🐶

IMPORMASYON:

Environmental Health Section

(SEIKATSU EISEI KA), ☎ 048-973-7532

Rental Community Garden

May mga agricultural land ang Koshigaya na ipinapahiram o pinapa-rentahan para sa mga gustong magtanim ng gulay, prutas at iba pa.

| SAAN | SUKAT | ILAN | RENTA |
|---|------------------|------|--------|
| Mashibayashi (Mashibayashi 5946-1) | 38m ² | 6 | ¥2,000 |
| Sengendai Nishi 6-Chome (Sengendai Nishi 6-23-2) | 30m ² | 30 | ¥5,000 |
| | 15m ² | 2 | ¥2,500 |

*Ang halaga ng renta ay para sa isang taon.

TARGET: Mula 18 y/o na nakatira sa Koshigaya

*May mga kondisyon o patakarakan na dapat sundin para sa mga magre-renta

*Mangyaring idaan sa bunutan kung marami ang aplikante

APLIKASYON: Enero 8 – Enero 22

*Maliban sa community gardens, may mga farmer din na direktang magpapahiram ng lupa para sa mga gustong magtanim. Tingnan sa website ng Koshigaya ang detalye.

IMPORMASYON: Agricultural Promotion Section

(NOGYO SHINKO KA), ☎ 048-963-9193



Cash benefits para sa mga tax-exempt households kaugnay sa pagtaas ng mga presyo

Ang mga naka rehistrong residente ng Koshigaya hanggang Disyembre 13, 2024 na pasok sa mga nakatakdang kondisyon ay makatanggap ng cash benefits kaugnay sa pagtaas ng presyo ng mga bibilhin at iba pa.

| No. | KLASE NG BENEFITS | KONDISYON | MAGKANO |
|-----|--|---|----------------------------|
| 1 | Cash benefits kaugnay sa pagtaas ng mga presyo | Lahat ng membro ng household ay walang binabayaran o hindi nagbabayad para sa resident tax (on per capita rate) para sa taon 2024 | ¥30,000 bawat household |
| 2 | <u>Additional cash benefits</u> kaugnay sa pagtaas ng mga presyo <u>para sa mga may bata</u> | Lahat ng household na pasok sa No. 1 at may anak na ang edad ay 18 pababa (Anak na ipinanganak simula Abril 2, 2006) | ¥20,000 bawat bata |

PAANO MAKATANGGAP: Papadalhan ng notipikasyon ngayong katapusan ng Enero ang lahat na pwedeng makatanggap ng benefits. Kung may darating na sulat galing city hall, siguraduhing buksan ito at kumpirmahin ang nilalaman o detalye.

DEADLINE NG PAGSUMITE NG DOKUMNETO: Abril 30, 2025

*Tingnan sa website ng Koshigaya ang detalye o di kaya tumawag sa numero sa ibaba.

IMPORMASYON: Koshigaya City Special Benefits Call Center (KOSHIGAYA RINJI TOKUBETSU KYUFUKIN CALL CENTER), ☎ 0120-616-377



Mga bakante na Municipal Housing

Ang municipal housing ay mga bahay na pinapaupahan ng Koshigaya sa napakamurang renta, ngunit may mga kondisyon kung sino ang pwedeng makapag renta ng mga ito. Para sa detalye at iba pa, tingnan sa website ng Koshigaya.

| SAAN / SUKAT NG BAHAY | MINIMUM OCCUPANTS | BAKANTE |
|---|-----------------------------|---------|
| Kawayanagicho medium-rise housing, 2K | Mula 2 tao na okupante | 1 |
| Shichizacho medium-rise housing, 3DK | Mula 3 tao na okupante | 1 |
| Nishi Obukuro medium-rise housing, 1LDK *Housing para sa seniors, naka-wheelchair, at isa ring special housing dahil ang bahay ay namatayan at iba pa. | Kahit 1 tao na okupante, OK | 1 |

APLIKASYON: Pebrero 3 - 21. Ipadala ang aplikasyon by postal mail (postmak valid).

*Tingnan ang detalye sa gabay na ipamimigay simula Pebrero 3 sa city hall at mga community centers, o di kaya tingnan sa website (*page number 69021*) ng Koshigaya.

IMPORMASYON: Saitama Housing Provision, Municipal Housing Section (SAITMAKEN JUTAKU KYOKYU KOSHA SHICHOSON'EI JUTAKU KA), ☎ 048-829-2873
Adres: 〒330-8516 Saitama-shi Urawa-ku, Nakamachi 3-12-10

*Ang opisina ay bukas Lunes - Biyernes, 8:30am - 5:15pm

Maging handa para sa darating na lindol

Isang taon na ang lumipas sa nangyaring lindol noong Enero 1, 2024 sa Noto Peninsula. Hindi natin alam kung kailan at anong oras maglilindol kaya siguraduhing maging handa sa mga ito.

IMPORTANTE!!

1. Siguraduhing naka-fix o hindi matutumba agad ang mga gamit sa bahay tuwing maglilindol
2. Siguraduhing may paraan sa pagkuha ng bagong impormasyon kung sakaling naglindol
3. Maghanda ng pagkain, inumin at iba pang kakailanganin tuwing may kalamidad tulad ng emergency o portable toilet, atbp.

Disaster Preparedness Guidebook



Japanese
Version



English, Chinese,
Vietnamese &
Simple Japanese

IMPORMASYON: Crisis and Management Office (KIKI KANRI SHITSU)
City Hall Main Building 3F, ☎048-963-9285

~Tomoni Aruko~



Illustrated by Saiinji

Ang magbabahagi ngayong buwan ay si Mr. Katsuji Nakarokkaku, isa sa mga naka-rehistrong boluntaryong tagapagsalin at promoter ng isang multikulturang pamayanan sa Koshigaya.

Ako si Katsuji Nakarokkaku (中六角勝治). Siguro ang pangalan ko ay hindi masyadong pamilyar para sa isang pangalan ng Hapon. Isinilang at lumaki ako sa Prefecture ng Iwate. Dahil lumaki ako sa napaka rural area o lugar,






pinapangarap ko na magpunta sa ibang lugar at mag-abroad. Nung pumasok ako ng kolehiyo sa Yokohama, nagkakaroon ako ng pagkakataon na makipag halubilo sa mga foreign students ng club activities na aking sinasalihan. Isa sa mga ginagawa ko sa club activities ay ang pag-assist sa mga estudyante na galing Hongkong. Naging membro at sumali din ako sa 'ship for world youth' na pinamunuan ng Junior Chamber International o JCI Japan. Ang pinaka-unang bansa na napuntahan ko ay ang Pilipinas at Singapore. Sa tour na ito ay nagkakaroon ng exchanges ang mga sumasali sa binibisita na bansa.

Pagkatapos ko ng kolehiyo ay nakapag trabaho ako sa isang kompanya kung saan ipinadala ako sa ibang bansa. Nai-transfer ako sa Taiwan at isinama ko sa trabaho ang aking asawa at panganay na anak. Nakatira kami sa Taipei ng tatlong taon at habang nasa Taiwan ay nabibiyayaan kami ng pangalawang anak. Pagbalik ko at ng aking pamilya sa Japan, nagkakaroon pa rin ako ng maraming business trips sa China. Marami akong napuntahan na lugar maliban sa mga malalaking siyudad. Habang nasa China, nagpunta din ako hanggang Russia, malapit sa North Korea at Vietnam. At siguro mas marami pa akong napuntahan na lugar sa China at nakapalibot nito kumpara sa mga locals. May mga business trips din ako noon sa Shuttle, San Francisco, Los Angeles, New York, Vancouver Canada at iba pang lugar. At isa sa mga hindi ko makalimutan sa aking mga business trips ay ang pagtulong, suporta at iba pa ng mga local na mamamayan habang ako ay nasa kanilang lugar. Pagkatapos ng aking retirement, naisip kong mag *pay it forward* o ibalik ang kabaitan na natanggap ko sa mga locals habang ako ay nasa ibang bansa. Ngayon ay tumutulong ako bilang volunteer sa pagtuturo ng wikang Hapon para sa mga foreign residents sa Japan. At sa trabaho ko naman ay sinisikap kong magkakaroon ng magandang experience lalo na ang mga customers galing sa ibang bansa upang may mauwi sila na maraming magandang *memories* mula Japan.

Japanese Language Classes sa Buwan ng Enero

| Sun | Mon | Tue | Wed | Thu | Fri | Sat |
|-----|-----|-----|---|-----|----------------------------|---|
| | | | 1 <i>Happy New Year!</i> | 2 | 3 Walang Pasok | 4 ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku |
| 5 | 6 | 7 | 8 ☆Nihong Circle | 9 | 10 ☆Nihongo de Go!② | 11 ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai |
| 12 | 13 | 14 | 15 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon | 16 | 17 ☆Nihongo de Go!① | 18 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai ☆Tabunka Kodomo Gakushu Juku |
| 19 | 20 | 21 | 22 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon | 23 | 24 ☆Nihongo de Go!② | 25 ☆Lingual Koshigaya ☆Kosumo Kodomo Kyoshitsu ☆Kosumo Nihongo Salon Sengendai |
| 26 | 27 | 28 | 29 ☆Nihong Circle ☆Kosumo Nihongo Salon | 30 | 31 ☆Nihongo de Go!① | |

| | | |
|---|---|---|
| NIHONGO CIRCLE [¥100/lesson] *Childcare services: ¥100 (kailangan ng reserbasyon) | KAILAN: Tuwing Miyerkules, 10:00 AM – 12:00 noon SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 4F/5F IMPORMASYON: ☎080-5405-9191 (TANAKA-SAN) |  |
| KOSUMO NIHONGO SALON ¥100/lesson | KAILAN: Tuwing Miyerkules, 7:00 PM – 8:30 PM SAAN: Hot Koshigaya, Parte Kita-Koshi 3rd floor IMPORMASYON: ☎090-5347-2041 (KOJIMA-SAN) |  |
| NIHONGO DE GO! [¥100/lesson] | KAILAN: Tuwing Biyernes, 1:30 PM – 3:30 PM SAAN: ①Co-op Plaza Koshigaya ②Minami Koshigaya Community Center (Pallete) IMPORMASYON: ☎090-5574-7070 (TAKAYAMA-SAN) | |
| LINGUAL KOSHIGAYA (Libre) *Mag-text bago magpunta. | KAILAN: Tuwing Sabado, 10:00 AM – 12:00 noon SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan), 5F IMPORMASYON: ☎080-3478-3314 (SUZUKI-SAN) | |
| TABUNKA KODOMO GAKUSHU JUKU (Libre) | KAILAN: Tuwing ika-1 at 3 Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM SAAN: Central Community Center (Chuo Shimin Kaikan) 4F IMPORMASYON: ☎090-7422-2002 (OGAWA-SAN) | |
| KOSUMO KODOMO KYOSHITU & KOSUMO NIHONGO SALON SENGENDAI (Libre) | KAILAN: Tuwing Sabado, 1:30 PM – 3:30 PM (Maliban sa ika-5 Sabado) SAAN: Saitama Resona Sengendai Branch 3F, Youth Base IMPORMASYON: ☎090-8310-9522 (class in-charge) |  |